

Ang Wika ng Mag-asawang Laykong Lingkod ng *St. Clare of Assisi Parish*, Malabon mula sa Iba't Ibang Konteksto Gamit ang Pag-aaral ni Maggay

RAMILITO B. CORREA

ramilito.correa@dlsu.edu.ph

Pamantasang De La Salle - Manila

ABSTRAK

Ang *marriage encounter weekend seminar* ay isang uri ng programa para sa *post-cana* na isinusulong ng *Marriage Encounter Foundation of the Philippines* upang mapagtibay pa ang relasyon ng mga mag-asawa. Bilang mga laykong lingkod ng *St. Clare of Assisi Parish*, na sumasakop sa ilang mga bloke ng Brgy. NBBS, Navotas City at Brgy. Longos, Malabon City, ang mananaliksik at ang kaniyang mga kasamang mag-asawang naglilingkod sa *Family and Life Ministry* ay naging bahagi nito at napansin niya ang postibong pagbabago sa kanilang buhay mag-asawa.

Pumili ang mananaliksik ng sampung pares ng mag-asawang laykong lingkod ng *St. Clare of Assisi Parish* na sumailalim dito at ginamit naman ng mananaliksik ang pag-aaral ni Maggay upang suriin ang mga wika ng mag-asawa sa iba't ibang konteksto.

Naging batayan ng kaniyang pananaliksik ang tatlong batis ng pag-aaral: liham o *love letter*, pinatnubayang talakayan o *focus group discussion* (FGD); at testimonya ng sampung mag-asawang itong sumailalim sa *marriage encounter*.

Mga Susing-Salita: *marriage encounter*, wika ng mga laykong lingkod, liham, testimonya, pinatnubayang talakayan

ABSTRACT

The marriage encounter weekend seminar is a post-cana program being practiced by the Marriage Encounter Foundation of the Philippines to solidify the relationship of a couple. As lay servants of St. Clare of Assisi Parish located in the vicinity of Brgy. NBBS, Navotas and Brgy. Longos, Malabon, the researcher and his fellow servant couples from the Family and Life Ministry became part of this encounter. The researcher noticed the positive changes among the lives of these servant couples.

The researcher chose 10 lay servant couples of St. Clare of Assisi Parish who underwent the marriage encounter weekend seminar, and he thoroughly studied the language of these servant couples in different context using the studies of Maggay.

The bases of his studies are the following sources: love letters from every couple, transcripts of their focus group discussions (FGD), and transcripts of their testimonials.

Keywords: marriage encounter, language of lay servants, love letters, testimonials, focus group discussion

INTRODUKSYON

Ang marriage encounter weekend seminar (MEWS) sa pamamagitan ng Marriage Encounter Foundation of the Philippines ay itinatag bilang *post cana* sa mga mag-asawang nagkakaroon ng mga problema sa kanilang buhay mag-asawa. Ang pangunahing layunin nito ay maisalba ang kanilang relasyon bilang mag-asawa sapagkat mahalaga ang doktrina ng Simbahan sa kasagraduhan ng kasal na 'ang pinagsama ng Diyos ay hindi maaaring paghiwalayin ng tao.' Nag-aral at bumuo ng module ang yumaong *founding priest* na si Fr. Ruben Tanseco, SJ, para sa gawaing ito kasama ang tatlo pang pari na sina Fr. Jess Fernandez, Fr. Pat Lim, at Aureo Nepomuceno. Sumailalim rin ang mga module na ito sa ilang rebisyon batay sa naging karanasan ng *team priests at team couples* na nagsagawa ng *marriage encounter weekend seminar* na nagsimula noong Oktubre, 1969.

Ang mga piling mag-asawang laykang lingkod ng St. Clare of Assisi Parish na sumasaklaw sa 11 bloke ng Brgy. NBBS, Navotas at 12 ng Brgy. Longos, Malabon ay sumailalim rin sa weekend seminar na ito simula noong 2014 hanggang 2018. Pumili ang mananaliksik ng sampung mag-asawang dumalo sa kabuuang batch na dumanas ng bisa o talab ng wika matapos ang pagdalo sa seminar na ito batay sa nakitang obserbasyon ng mananaliksik sa loob ng ilang taon niyang nakasama ang mga mag-asawang ito sa *Family and Life Ministry* ng kanilang parokya.

Ang sampung mag-asawang ito ang hiningian niya ng permiso na mahiram ang kani-kanilang *journal*, at nagbigay rin ng patotoo o testimonya tungkol sa naging pagbabago sa kanilang relasyon bilang mag-asawa, at kinapanayam ng mananaliksik sa pamamagitan ng Pinatnubayang Talakayan o Focus Group Discussion (FGD). Ang tatlong saligang ito ng pananaliksik ay sinuri sa iba't ibang konteksto gamit ang pag-aaral ni Maggay (2002).

Mula sa aklat na sinulat ni Maggay (2002) na may titulong *Pahiwatig Kagawiang Komunikasyon sa Filipino*, iniugnay naman ng mananaliksik ang ilang binanggit sa kabanata tungkol sa mga katutubong pamamaraan ng interpersonal na komunikasyon pati na rin ang mga pahiwatig at ang berbal at di-berbal na sistema ng komunikasyon.

Kabilang na rito ang pagbubunyag ng mga salitang kinikimkim sa dibdib at kaloob-looban. Halimbawa ay pagtatapat o pagsambulat ng mga nararamdaman.

Sa liham na sinuri ng mananaliksik, hinalughog


niya ang mga pahayag ng bawat mag-asawa na nakapagsambulat ng kanilang tunay na nararamdaman isa't isa. Maging ang mga usapan nilang humantong sa sigawan at pag-aaway. Gayundin sa *transcript* ng kani-kanilang testimonya sa isinagawa nilang *sharing* sa isang regular na pagpupulong ng Buhay at Pag-ibig ME Community.

Mga Tiyak na Layunin:

1. Maipakita ang mga katangian ng relasyon ng mga mag-asawa ng St. Clare of Assisi Parish;
2. Mailarawan ang paraan ng komunikasyon ng mga mag-asawang ito;
3. Matukoy ang mahahalagang salitang maituturing na muhon sa pagpapatatag ng kanilang relasyong mag-asawa bilang lingkod-parokyano ng St. Clare of Assisi Parish;
4. Masuri ang wika ng mga mag-asawang laykang lingkod ng St. Clare of Assisi Parish, Malabon mula sa iba't ibang konteksto gamit ang pag-aaral ni Maggay.

BATAYANG KONSEPTUWAL


Ang singsing ay mahalagang simbolo ng pag-iisang dibdib o pagpapakasal. Bukod sa simbolo ito ng pagiging isa, nangangahulugan din ito ng walang hanggang pag-ibig at pagsasama. Ito naman ang nagsilbing *framework* ng mananaliksik para sa kaniyang batayang konseptuwal.



Ang nasa kaliwang singsing ay sumisimbolo sa yugto ng pagsasama ng mag-asawa noong hindi pa sila sumailalim sa MEWS. Dumaranas pa sila ng hindi pagkakaunawaan sa isa't isa at iba ang paraan nila ng paglutas sa mga suliraning kanilang kinakaharap. Ang singsing sa kanang bahagi ay ang nabagong pananaw ng bana sa kaniyang asawa at ng asawa sa kaniyang bana matapos silang sumailalim sa *marriage encounter*. Mula sa kanilang naipong karanasan at pananaw bilang mag-asawa bago at pagkatapos ng *marriage encounter*, nagtatagpo ang mga salitang nagsilbing muhon sa pagpapatag ng kanilang relasyon. Ang dalawang karanasang ito, kapag pinagsanib ay tila pag-iisang dibdib na rin. Nagtagpo ang kanilang mga karanasan at ang mga salitang mabubuo nila upang ilarawan ang panibagong karanasan bilang mag-asawa. Ang mga salitang ito ang tinuklas at hinimay ng mananaliksik.

BATAYANG TEORETIKO

Sa kadahilanang ang pagpapakasal ay katumbas ng pagbuo ng tahanan ng mag-asawa, ginamit ng mananaliksik ang *framework* ng isang tahanan para sa kaniyang batayang teoretiko.



Ang pag-aasawa ay pagsasama sa iisang bubong upang makabuo ng isang tahanan may matibay na relasyon. Sa isang tahanan, ang relasyon ng mag-asawa ay ang magsisilbing bubong na magiging matatag na proteksiyon sa mga dumarating na unos, bagyo, o mga pagsubok. Ang komunikasyon naman ay pinto at pintuan ng mag-asawa upang sila ay magtagpo kung mayroon man silang hindi pagkakaunawaan. Komunikasyon ang nagbibigay daan sa pagkakaunawaan. Komunikasyon din ang magsasara kung mayos na ang usapan upang hindi na panghimasukan pa ng iba. Samantalang ang salita, wika, at idyoma ay mga dingding na nag-uugnay sa mag-asawang bumubuo ng isang tahanan.

Ang pag-aaral naman ni Maggay ang magsisilbing bintana upang sipatin ang mga relasyon ng mga mag-asawang napiling kalahok sa pag-aaral pati na rin ang kanilang mga ginamit na salita, wika, at mga idyoma bilang daan ng kanilang komunikasyon.

Sa papel na ito, ginamit ng mananaliksik ang terminong *bana* mula sa wikang Hiligaynon at Cebuano upang tukuyin ang lalaki sa mag-asawa o katumbas ng *husband* sa Ingles samantalang ginamit ng mananaliksik ang terminong *asawa* upang tukuyin naman ang *wife*.

Sa pagsusuri naman ng mga pahayag, ginagamit ng mananaliksik ang mga terminong *bana* at *asawa* kapag ang pinaghanguan ng teksto ay mula sa na-transcribe na testimonya ng mag-asawang sumailalim sa MEWS sa naganap na regular nilang pagpupulong sa parokya kasama ang ilang miyembro ng *Family and Life Ministry*.

Kapag binanggit naman ng mananaliksik ang palayaw ng mag-asawa gaya ng Myra, Larry, Neng, Ronnie, Anna, Obet, at iba pa, nangangahulugan namang ang FGD at *journal* ang pinaghanguan niya ng datos.

PROFILE NG MGA KALAHOK

Dahil sa limitadong bilang ng pahina, hindi na maisa-isa ng mananaliksik ang detalyadong *profile* ng bawat mag-asawa kabilang na ang kanilang sosyo-ekonomikong estado sa buhay, hanapbuhay, tagal ng pagsasama bilang mag-asawa, at dami ng mga anak. Ibuuod na lamang ito ng mananaliksik sa pangkalahatang paglalarawan.

Sa mga parokyanong nasasakupan ng St. Clare of Assisi Parish, bibihira sa kanila ang may sariling bahay na pag-aari nila. Karamihan sa kanila ay nangungupahan. Bihira din sa kanila ang may regular na hanapbuhay. Ang lugar na kanilang tinitirahan ay isang *reclamation area* na dati lamang palaisdaan. Ang malaking bahagi nito ay ginawang proyekto ng dating Unang Ginang Imelda R. Marcos noong Dekada '80 (na may posisyon ding *Minister of Human Settlements* at *Governor* ng *Metro Manila*) para sa mga dating nakatira sa Tundo na hindi nila pag-aari ang lupa at naapektuhan ng pagpapagawang ng C-2 o Capulong Hi-way hanggang Road 10. Subalit ang ipinambayad sa *resettlement area* na ito ay buhat sa buwis ng mga Pilipino.

Ang mga taal na taga-Navotas at Malabon naman ay nasa pamilya ng mga mangingisda, mga obrero, mga arawang manggagawa, *tricycle driver*, tindera ng isda at iba pang hanapbuhay na walang sapat at regular na kinikita. Samakatuwid, ang mga miyembro ng *Marriage Encounter Buhay* at Pag-ibig *Community* ay halos nasa 70-80% ang mahihirap o nasa laylayan ng lipunan batay sa sariling datos ng *St. Clare of Assisi Parish* mula sa mga profile nito ng mga laykong lingkod. Karamihan ay hindi nakatuntong ng kolehiyo man lamang na ang hanapbuhay ay manggagawa sa mga pabrika, *security guard*, *tricycle driver*, tindero/tindera ng isda, karpintero, at kung minsan ay wala pa ngang permanenteng trabaho. Ang mga asawa (*wives*) ay karaniwan namang walang hanapbuhay. Ibig sabihin, ang mga parokyano ng *St. Clare of Assisi Parish*, partikular ang mga mag-asawa ay gumugulog ng panahon para sa paghahanapbuhay upang makaraos sa pang-araw-araw na pamumuhay ang kanilang pamilya. At dahil nga sa kanilang pananampalatayang Katoliko, biyaya na para sa kanila ang hindi sumala sa oras, ang may makain sa araw-araw,

at namumuhay nang payak ang pamilya. Kaya naman hindi naging madali para sa kanila ang lumahok sa *Marriage Encounter weekend seminar* dahil ang mga araw na gugugulin nila rito ay magiging kabawasan sa kanilang kinikita at lalo't higit na hindi nila kayang magbayad sa akomodasyon ng isang *retreat house* sa loob ng tatlong araw. Libre lamang itong ibinibigay sa kanila sapagkat ang *sponsoring batch* ang gumagastos dito sa pamamagitan ng mga *income generating project at fund raising activities* sa loob ng isang taon bago isagawa ang pagpapaklase.

ANG WIKA NG MAG-ASAWANG LAYKO MULA SA IBA'T IBANG KONTEKSTO GAMIT ANG PAG-AARAL NI MAGGAY

Sa aklat na *Pahiwatig: Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino*, tinukoy ni Maggay (2002) ang ilang nakagawiang pamamahayag sa loob ng konteksto ng ating kultura. Kabilang na rito ang pagbubunyag ng mga salitang kinikimkim sa dibdib at kaloob-looban. Halimbawa ay pagtatapat o pagsambulat ng mga nararamdaman. May mga mag-asawang maisasambulat nila ang kanilang nararamdaman o maaaring ang isa lamang sa kanila. Subalit may mga pagkakataong itinatago o ikinikimkim na lamang nila ang kanilang sama ng loob sa kabiyak.

Kung minsan naman ay nauwi ito sa pagtatalo, sigawan, at balitaktakan. Ang mag-asawang ay parehong hindi patatalo sa kani-kanilang mga argumento at pangangatwiran. Ang bawat isa sa kanila ay hindi tumatanggap ng nagawang pagkakamali. Humahantong pa nga ito sa pananakit kung minsan.

Ayon pa rin kay Maggay, nasa kultura rin nating mga Pilipino ang gumamit ng *tulay* o tagapamagitan. Hindi masabi ng isa ang gusto niyang sabihin sa kaniyang bana o asawa kung kaya't naghahanap siya ng taong puwedeng magsabi nito sa kaniya. Halimbawa ay ang biyenan na siyang kumakausap sa manulang o ang magulang sa kanilang anak. Kung minsan naman ay kapatid, malapit na kamag-anak o matalik na kaibigan. Kapag mayroon silang anak na nasa wastong gulang, posible ring siya ang nagsisilbing tagapamagitan.

May mga di-berbal din na paraan ng paghahatid ng mensahe ng asawa o bana. Halimbawa ay ang hindi pag-imik o pagkibo, hindi nagpapahawak sa kahit saang parte ng katawan (kadalasang ang babae) kapag nagtatampo o nagagalit, o malayo ang kanilang pagitan sa paghiga kung matutulog na sa kama o higaan.

Tinukoy rin ng mananaliksik ang mga di-berbal na sistema ng komunikasyon ng mga mag-asawa batay sa isasagawa niyang FGD gayundin ang paggamit ng mga tagapamagitan ng mga kalahok sa pag-aaral bago nahikayat na sumali sa MEWS.

Simula pa lamang sa pagiging magkasintahan, patungo sa pagpapakasal, hanggang sa pagbuo ng pamilya, ang mag-asawa ay nakabubuo ng iba't ibang wika para lamang sa kanilang mag-asawa. Dahil sa

pang-araw-araw na takbo ng kanilang pamumuhay, iba't ibang pangyayari sa buhay ang kanilang nararanasan. Nariyan ang kasiyahan, kapighatian, pagsubok, di-pagkakaunawaan, pagtatalo, pagkakasundo at iba't iba pang damdamin at sitwasyon ng kanilang pagiging mag-asawa. Sa kabanatang ito, hinimay ng mananaliksik ang iba't ibang wika at diskursong naganap sa mga mag-asawa batay sa tatlong anyo ng sanggunian: testimonya, pinatnubayang talakayan (FGD), at liham mula sa kanilang ME journal.

MGA SALITA, IDYOMA, AT PAHIWATIG SA BUHAY NG MGA MAG-ASAWA

Kabilang sa mga dahilan ng hindi pagkakaunawaan ng mag-asawa ay ang labis na pakikipagbarkada ng isa sa kanila. Kung minsan ay parehas silang mag-asawa na mabarkada ngunit mas madalas ay ang bana. Ang kabarkada ay maaaring kapitbahay, kasama sa trabaho, naging kaklase noong nasa kolehiyo, *high school*, o elementarya, o kaya'y kababata na nakasama niya sa kaniyang paglaki. Narito ang ilang pahayag ng mag-asawa sa kani-kanilang bana o asawa tungkol sa ilang naging problema nila sa buhay mag-asawa:

"...noong nagsama kami barkada doon, barkada dito eh! Nahihirapan po akong magsabi sa kaniya na huwag na kayong pumunta doon... baka puwede naman sumama kayo na may limitasyon?"

(Testimonya ni Asawa 2: 2017)

"Hoy! 'Wag ka na mambato bababa na 'ko,"

(Junpik: batay sa FGD, 2020)

Sa unang pahayag, para kay Asawa 2, ang pagkakaroon ng barkada ng kaniyang bana ay nakakapagbigay sa kaniya ng alalahanin. Bukod sa kulang ang panahong iniuukol sa kaniya ng kaniyang bana, iniisip din niya ang kapahamakang maaaring idulot ng pakikipagbarkada ng kaniyang asawa dahil kung saan-saan ito nagpupunta at nais niyang ipabatid sa kaniyang bana na bilang isang pamilyadong tao, mahalagang magkaroon siya ng limitasyon sa pagsama sa barkada dahil mayroon na siyang pamilya – mga anak at asawa. Ang pahayag na *"baka puwede naman sumama kayo na may limitasyon?"* ni Asawa 2 ay *pahiwatig* sa kaniyang bana na bawasan nito ang oras sa pagsama-sama sa barkada, gayundin ang pakikipag-inuman, at ang paglalaan nito ng oras kaniyang pamilya.

Sa konteksto naman ng ikalawang pahayag mula kay Junpik, batay sa isinagawang FGD, ito ang sitwasyong nakikipag-inuman siya sa bahay ng kaniyang barkada at ang kaniyang asawa na si Jen ay pinuntahan siya doon at binato niya ng martilyo ang ikalawang palapag ng bahay ng pinag-iinuman ni Junpik kasama ang kaniyang barkada. Ang pagtawag niya ng *Hoy!* sa kaniyang asawa ay nangangahulugan ng pagtawag-pansin sa kaniyang kabiyak ngunit pagpapakita ng hindi

pagsang-ayon sa ginawa nitong pambabato ng martilyo sa bahay ng kaniyang kabarkada habang nakikipag-inuman siya. Ang buong pahayag na *Hoy! Huwag kang mambato bababa na 'ko*, ay nagbibigay rin ng *pahiwatig* na ayaw ng bana na mag-eskandalo pa ang kaniyang asawa sa lugar na iyon.

Narito naman ang pahayag ni Asawa 12 batay sa kaniyang testimonya tungkol sa kaniyang bana at kung ano ang mga ginamit niyang termino dito:

“Yun lang, ang dami na niyang pinagbago, good boy na siya. Hindi na siya babaero.”

(Testimonya ni Asawa 12: 2017)

Ang testimonya ni Asawa 12 ay tungkol sa naging pagbabago ng kaniyang asawa mula sa dating *babaero* patungo sa pagiging *good boy* nang dahil sa pagdalo nila sa MEWS. Palasak naman ang terminong *babaero* ngunit sa konteksto, ang ugali o gawaing ito ng kaniyang bana ay tinatanggap na niya. Hindi ginamit ng asawa ang salitang taksil o nakikiapid. Para sa asawa, ang ugali o gawaing ito ng kaniyang asawa ay tila isa lamang bisyo na mahirap alisin. Ginamit naman ni Asawa 12 ang salitang *good boy* bilang paglalarawan ng positibong pagbabago sa kaniyang asawa. Ang ibig niyang sabihin ay matino na ang kaniyang bana, wala nang bisyo, hindi na nambababae, maganda na ang disposisyon sa buhay at maaayos na ang kanilang pagsasama bilang mag-asawa.

Narito naman ang ilang pahayag ni Nene batay sa pinatnubayang talakayan (FGD) tungkol sa naging relasyon nila ng kaniyang bana:

“Yung mga babae diyan nagkalat diyan sa kalsada. Yun bang mga bayaran na babae ganun. Lalo na ‘pag nasasakay sa kaniya.”

(Nene: batay sa FGD, 2020)

“Napaka-nagger ko talaga noon. Masama talaga ugali ko noon.”

(Nene: batay sa FGD, 2020)

“Konting pagkakamali, wala akong sinasanto kahit ‘yung mga nagtitinda ng shabu? Di ko pinapatawad ‘yan.”

(Nene: batay sa FGD, 2020)

Ang tatlong pahayag na ito ay tungkol sa ibinahagi ni Nene tungkol sa kaniyang bana noong panahong ito ay namamasada pa ng traysikel. Sinasabi niyang palikero o babaero ang kaniyang bana.

Sa unang pahayag, ginamit niya ang idyomatikong salitang *bayaran* na tumutukoy sa mga babaeng nagbibigay ng panandaliang aliw kapalit ng maliit na halaga. Marami pang salitang maaaring gamitin para dito na balbal tulad ng *pokpok o puta* at puwede ring matayutay tulad ng *kalapating mababa ang lipad*. Ang paggamit ni Nene ng salitang *bayaran* ay paggamit ng katimpian o kahinahunan upang ilarawan kung anong uri ng babae ang lumalapit sa kaniyang bana.

Sa ikalawang pahayag, bagamat may salitang *bungangera* bilang pinakamalapit na katumbas ng *nagger* mas pinili ni Nena itong termino sa Ingles marahil upang hindi masyadong maging bulgar ang salita dahil ito ay isang pinatnubayang talakayan.

Sa ikatlong pahayag naman ni Nena ay ginamit niya ang idyomang *wala akong sinasanto* bilang *pahiwatig* sa pagiging matapang niya bilang asawa ngunit kung minsan ay wala sa lugar.

Lumitaw ang mga salitang ito na kaniyang ipinahayag upang ilarawan ang mga pangyayari sa kanilang buhay mag-asawa noong panahong hindi pa sila sumailalim sa MEWS.

Narito naman ang ilang idyomang ginamit nina Bubong, Sheryl, Jonjon, at Agnes batay sa kanilang pagtalakay kung anong uri sila ng bana at asawa noong mga panahong hindi pa sila sumasailalim sa MEWS at paano ito nabago matapos silang sumailalim dito.

“Parang galit ako sa mundo noong mga panahon na ‘yun.”

(Bubong: batay sa FGD, 2020)

“Hindi, kasi mayroong issue na-resolve din, sa tagal ng pagsasama namin na ano eh na nabigyan ng ano tuldok na kaya maganda yung ano naging ano. Kinalabasan.”

(Sheryl: batay sa FGD, 2020)

“...ano, kaya ko pala umalis sa putik (droga) na pinanggalingan ko.”

(Jonjon: batay sa FGD, 2020)

“Nandoon ‘yung ‘pag dumarating siya, parang may bago kang estrangherong pakikisamahang.”

(Agnes: batay sa FGD, 2020)

Sa unang pahayag, inilarawan ni Bubong na siya ay ‘parang galit sa mundo’ nang siya ay hindi pa sumasailalim sa MEWS. Ito ay mga ‘pahiwatig’ na wala pa siyang maayos na disposisyon sa buhay bilang bana at ama na may binubuong sariling pamilya. Ibang-iba ito sa kaniyang naging *aura* ng pagiging masayahin, palabiro, at may takot sa Diyos matapos siyang sumailalim sa MEWS at hindi naglaon ay naging miyembro ng *Extraordinary Minister of the Holy Communion* o *lay minister*.

Sa ikalawang pahayag naman, ginamit naman ni Sheryl ang idyomang *nagkaroon na ng tuldok* bilang *pahiwatig* nang ibahagi niya ang kanilang buhay mag-asawa noong bago sila sumailalim sa MEWS at ang naging malaking pagbabago sa kanilang buhay-mag-asawa pagkatapos nito. Sinabi niyang pagkaraan nilang sumailalim ay natapos na rin ang hindi magandang pangyayari sa kanilang buhay-mag-asawa ni Jonjon.

Sa ikatlong pahayag naman, ginamit ni Jonjon ang idyomang *umalis sa putik* bilang *pahiwatig* sa kaniyang naging pagbabago sa nakaraan niyang buhay tungkol sa paghinto niya sa pagkalulong sa droga. Ibinahagi niya na naging malaking tulong ang MEWS sa naging

pagbabago ng kanilang buhay mag-asawa. Si Jonjon ay naging aktibong miyembro na rin ng *Extraordinary Minister of the Holy Communion*.

Sa ikaapat at huling pahayag, inilarawan naman ni Agnes ang kaniyang sitwasyong kapag dumarating mula sa abroad ang kaniyang *seafarer* na bana na siya raw ay parang may kasamang *estranghero* ay isa paraan pa rin ng *pahiwatig* na parang hindi niya kilala ang kaniyang bana o kaya’y siya ang hindi kakilala nito dahil napaikli lamang ng kanilang panahon para magkasama at kulang ang mga panahong iyon upang higit nilang makilala ang isa’t isa.

Ang mga sinuring pahayag ng mananaliksik ay batay sa mga salita, pahayag, at diskurso ng mga mag-asawang sumailalim sa MEWS batay sa kani-kanilang testimonya at pinatnubayang talakayan.

Narito ang ilang mga salita, idyoma, at kawikaan sa buhay ng mga mag-asawa:

Mga Salita	Kahulugan batay sa Konteksto
Hoy!	Tawag ng bana sa asawa kapag inaaway siya.
<i>good boy</i>	Tawag sa bana ng asawa kapag hindi na nambababae
Bayaran	Tawag sa babaeng nagbibigay ng panandaliang kaligayahan kapalit ng pera
<i>Nagger</i>	Tawag sa asawang mahilig magbunganga sa bana
<i>hindi nagwa-war freak</i>	Hindi nagwawala o hindi nakikipag-away kapag nagagalit sa asawa
Pader	Pagwawangis sa bana bilang matibay na sandalan ng relasyon at pamilya
abnormal na buhay	Buhay ng laging umiinom at nakikipag-away sa asawa, mas madalas na lasing kaysa hindi lasing
<i>nagiging open minded</i>	Naging katangian ng isang bana na nagpahulugan na mas lumawak na ang pang-unawa matapos sumailalim sa MEWS na dati ay mahirap paliwanagan
Barkada	Karaniwang isa sa mga pangunahing dahilan ng pag-aaway ng mag-asawa dahil sa mas binibigyang-prioridad ng bana kaysa sa kaniyang asawa
pinatos	Pinatulan o panandalian at hindi sineryosong pakikipagrelasyon ng bana sa ibang babae
hinanting (<i>hunting</i>)	Pilit na paghahanap ng asawa sa isang babaeng nakakarelasyon ng kaniyang bana na may layuning gumanti, manakit, o murahin ito
Ineskandalo	Karaniwang ginagawa ng asawa na may layuning ipahiya ang bana sa harap ng maraming tao dahil sa ginawa nitong kalokohan
Maldita	Negatibong ugali ng isang asawa na higit pa sa pagiging pilya kapag naloloko ang kaniyang bana
<i>Darling</i>	Karaniwang tawag ng mag-asawa sa isa’t isa bilang tanda ng kanilang pagmamahalan
<i>nag-extra-extra</i>	Terminong ginagamit sa mga trabahong hindi regular at maliit lamang ang bayad o kinikita tulad ng pagtatraysikel, paglalako ng mga paninda sa bahay-bahay, <i>helper</i> ng mga karpintero o mason, at iba pang katulad nito
<i>beer house</i>	Isang lugar na pinupuntahan o tinatambayan ng mga lalaki para uminom o maglasing at karaniwang magaganda at seksing babae ang serbidora. Sa lugar na ito kadalasang nalululong ang kalalakihan, lalo na ang mga bana na naghahanap ng panandaliang aliw.

Ang ilan sa mga salitang ito ay nagbuhat sa iba pang pahayag at testimonya ng mga mag-asawang hindi nabanggit sa papel na ito dahil sa limitadong bilang ng pahina para sa publikasyon.

Mga Idyoma	Kahulugan batay sa Konteksto
galit sa mundo	Galit sa sinapit niyang kapalaran kung kaya, galit na rin sa ibang tao. Ito ang dating pag-uugali ng banang si Bubong sa kaniyang asawa at pamilya bago sumailalim sa MEWS.
nagkaroon na ng tuldok	Idyomang ginamit ni Sheryl na nangangahulugang natapos na rin ang hindi nila pagkakaunawaan ni Jonjon matapos silang sumailalim sa MEWS.
umalis sa putik	Ang idyomang ito ay ginamit ni Jonjon na nangangahulugang itinigil na niya ang pagdodroga at mas naging maayos ang kanilang buhay-mag-asawa ni Sheryl matapos sumailalim sa MEWS. Pahiwatig din ito ng pagbabagong-buhay ni Jonjon.
gusto ko siyang durugin nang buo	Ekspresyong ginamit ni Nena sa kaniyang bana dahil gigil na gigil siya sa ginagawa nito at ang nasa isip lamang nito ay ang paghihiganti. Pahiwatig din ito ng pagkagalit ni Nena sa kaniyang bana.
parang may estrangherong kasama sa bahay	Damdaming ipinahayag ni Agnes sa kaniyang banang si Louie na <i>seafarer</i> na kapag bagong dating at habang magkasama sila sa bahay ay hindi naman sila gaanong nag-uusap at malamig ang pakikitungo sa isa't isa. Pahiwatig din itong unti-unti nang nagkakalamat ang relasyon nilang mag-asawa.
<i>Anong klaseng utak meron ka?</i>	Pahiwatig ito na mababa ang pagtingin ni Nena sa kaniyang bana dahil mahina ang ulo nito o hindi marunong mag-isip kaya nasisira ang relasyon nilang mag-asawa.
walang sinasanto	Ito ang ekspresyong ginamit ni Nena na ang ibig sabihin ay walang kinatatatutan o pinangingilagan kahit sino. Pahiwatig din ito ng pagiging matapang ni Nena.
<i>putak ka nang putak</i>	Idyomang ginamit ni Nonoy sa kaniyang asawang si Nena na naglalarawan bilang sobrang bungangera na inihahambing sa maingay na manok.
nanahimik lang sa isang sulok	Pahiwatig na ginawa ni Myra kapag lasing at nagwawala ang kaniyang banang si Larry na ayaw niya ng gulo. Nagdarasal siya sa isang sulok ng bahay sa halip na magalit at makipagsagutan sa bana.
napakabigat sa dibdib ko ang nangyari	Mula sa isang testimonya, ginamit ng bana ang idyomatikong pahayag na ito dahil may pangyayaring hindi niya matanggap na nawalan siya ng trabaho at walang maipakain sa pamilya.
para akong isang ibong nakahawla	Mula pa rin sa isang testimonya, ito ang naging pakiramdam ng asawa nang ayaw siyang payagan ng kaniyang bana na lumabas ng bahay at mamasyal samantalang hindi naman ibang tao ang kaniyang kasama kundi ang kanilang anak.
nagpanting 'yung tenga	Dahil sa narinig, ginamit ng asawa ang idyomatikong ekspresyong ito dahil nagalit siya sa narinig mula sa sinabi ng kaniyang bana na hindi siya pinapayagang umalis ng bahay.
Wala akong <i>give puro take</i> lang.	Paglalarawan ng bana sa kaniyang sarili kung paano niya trinato ang asawa bago sila sumailalim sa MEWS ngunit sa bandang huli ay nagkaroon naman siya ng realisasyon na mali ang kaniyang ginawa.
Gusto ko lagi, ako nasusunod.	Ito ay isang patriyarkal na prinsipyo ng bana sa kaniyang asawa noong hindi pa sumasailalim sa <i>marriage encounter</i> na kailangang lagi siyang masunod dahil siya ang <i>padre de pamilya</i> . Ang pagiging patriyarkal sa lipunang Pilipino ay tinalakay naman ni Medina sa kaniyang aklat na <i>The Filipino Family</i> (2005).
Ayoko ng sinusuway ako.	Katulad ng naunang ekspresyon, ito ay isa pa ring patriyarkal na prinsipyo ng bana sa kaniyang asawa noong hindi pa sumasailalim sa <i>marriage encounter</i> .
Lumilipad na pinggan at takip ng kaldero	Ginamit itong idyomatikong ekspresyon bilang paglalarawan sa matinding pag-aaway ng mag-asawa na karaniwang ginagawa ng asawa sa kaniyang bana ang paghagis o pagbato ng pinggan, kaldero, at iba pang gamit sa kusina

Ang ilan sa mga idyomatikong pahayag na ito ay nagbuhat sa iba pang pahayag at testimonya ng mga mag-asawa ay hindi na nabanggit sa papel na ito dahil sa limitadong bilang ng pahina para sa publikasyon.

IBA'T IBANG USAPIN AT KAGAWIAN SA BUHAY NG MGA MAG-ASAWA

Sa buhay ng mag-asawa, hindi maiiwasan ang iba't ibang diskurso na maaaring magdulot ng hamon sa kanilang pagsasama at pagbuo ng pamilya. Dahil sa hindi pagkakaunawaan o hindi pag-uusap nang maayos, kung minsan ay nauwi pa ito sa paghihiwalay. Sa bahaging ito ng pag-aaral ay tatalakayin naman ng mananaliksik ang mga diskursong lumutang sa pagitan ng mag-asawa na maiuri sa mga sumusunod na kategorya:

Pagtatalo

Madalas na ang sanhi ng pagtatalo ng mag-asawa ay ang pag-iral ng makitid na pag-iisip at kawalan ng malawak na pag-unawa sa asawa o bana. Kung minsan ay hindi siya bukas sa komunikasyon o laging naniniwala na siya ang tama o mas magaling kaysa sa kaniyang katuwang sa buhay.

Narito ang ilan sa mga testimonya o pagtatapat ng mga mag-asawa mula sa kanilang testimonya kung paano at bakit sila nagkakaroon ng pagtatalo mula sa *sharing* na isinagawa noong 2017 sa santuwaryo ng *St. Clare of Assisi Parish* batay sa isang *reunion*:

“...*dati sabi ko, hindi muna ako makakauwi nang maaga mamasyal muna kami ang mga anak mo, ang sagot niya “ay sige diyan ka na tumira!”*.”

(Testimonya ni Asawa 1: 2017)

“*Eh, kasi ako ‘pag nagagalit hindi ako nagwa-war freak. Nanahimik ako sa isang sulok, nagdadasal. Naku, ano ang gagawin ko dito sa asawa ko gusto ko siyang durugin nang buo.*”

(Testimonya ni Asawa 1: 2017)

“*Anong klaseng utak meron ka? sabi kong ganun sa kaniya. O sige, kung gusto ninyong dalawang magsama, hoy! ‘wag niyo akong gagawing alila sa mga anak mo! Ayan lahat ng anak mo dalhin mo ‘yan sa babae mo bitbitin mo ‘yan sabi kong ganun. ‘Wag mo akong iiwanan ng anak, sabi kong ganun, bahala ka diyan sa buhay mo, sabi nung nanay ko “sira ulo talaga ‘tong batang ‘to bitbitin mo lahat ng anak mo iuwi mo ‘yan dun.*”

(Testimonya ni Asawa 3: 2017)

“*Siguro elementary pa lang ‘yung anak namin nagkaroon kami ng pag-aaway. Hiniwalayan ko siya. Nagalit ako, putak ka nang putak. Sa isip-isip ko, diyan ka nang mag-isa naglayas na ako!*”

(Testimonya ni Bana 9: 2017)

Sa unang pahayag mula sa testimonya ni Asawa 1, maganda naman ang intensiyon at pagpapaalam ng

kaniyang bana. Hindi man makakauwi nang maaga ay ginagampanan naman nito ang tungkulin bilang responsableng ama dahil kasama niya ang kaniyang mga anak at ipapasyal ang mga ito. Sa halip na pumayag at matuwa, binulyawan pa ng asawa ang kaniyang bana nang *ay sige diyan ka na tumira!* Malinaw ang *pahiwatig* ng di-pagsang-ayon dito ni Asawa 1 sa intensiyon ng kaniyang bana na ipasyal muna ang anak kaya hindi agad makakauwi. Kung minsan, may mga pagtatalong mababaw naman ang dahilan tulad ng argumentong ito.

Sa ikalawang pahayag mula pa rin sa testimonya ni Asawa 1, hindi bukas ang komunikasyon niya sa kaniyang bana. Sa halip na makipag-usap, mas pinili pa niyang manahimik. Ang pananahimik ay isa ring di-berbal na uri ng *pahiwatig* na nangangahulugang ayaw na ng asawa na umabot pa sa mainitang pagtatalo. Hindi man siya mang-away, matindi naman ang iniisip niyang gawin para sa kaniyang bana, ang *durugin nang buo*. Bagaman ito ay isang tayutay na pagmamalabis, maliwanag na matindi ang naging galit niya sa kaniyang bana na hindi naman niya sinasabi rito nang hayagan ang kaniyang nararamdaman.

Sa pahayag naman ni Asawa 3, may pagmamaliit siya sa kaniyang bana na hindi ito marunong mag-isip. Ang pahayag na *Anong klaseng utak meron ka? ay isang pahiwatig* ng pangungutya. Bagamat may katuwiran, itinuturo sa *marriage encounter* na hindi dapat kinukutya ng sinuman sa mag-asawa ang kakayahan nito bilang tao. Mahalaga ang pagtanggap ng mag-asawa sa kani-kanilang kahinaan at kakulangan sa bawat isa. Nagiging dahilan ito ng pagtatalo hanggang sa humantong sa pag-aaway at di-pagkakaunawaan ng mag-asawa.

Batay naman sa testimonya ni Bana 9, ang naging dahilan ng paglayas niya sa kanilang bahay ay ang pagiging bungangera ng kaniyang asawa batay sa kaniyang ginamit na idyomatikong pahayag na *putak siya nang putak eh!* o ang labis na pagiging bungangera ng asawa. Ito ay nangyari noong panahong maliliit pa ang mga anak nila at hindi pa sila sumailalim sa MEWS.

Narito naman ang pagsusuri ng mananaliksik sa sumusunod na mga pahayag:

“*...Ta’s ang problema po ay sa aking biyenan. Talagang tutol po siya na mapangasawa ko ang kaniyang anak dahil sa wala po akong trabaho noon.*”

(Nonoy: batay sa FGD, 2020)

“*Sa amin naman bilang mag-asawa, magmula noong kami ay magsama, totally talaga ay financially.*”

(Bubong: batay sa FGD, 2020)

“*...siguro isang beses lang, buntis ako no’n. Ah, dumayo siya ng bilyaran umaga na wala pa siyempre maghahanap ka no’n ‘di ba ayon ‘yun lang ‘yon.*”

(Fem: batay sa FGD, 2020)

Mula naman sa pahayag ni Nonoy, ang bana ni Nene, inilahad niya ang naging problema nilang mag-asawa na karaniwan ding problema ng mga mag-asawa sa mga unang taon ng kanilang pagsasama, ang kaniyang biyenan. (Tinukoy din ni Medina sa kaniyang aklat na

The Filipino Family ang tungkol sa *extended family*.) Sa mga panahon namang iyon ay wala siyang trabaho pero nagsama sila ni Nene. Tipikal sa mga biyenan, lalo na ang mga babae, na magkaroon ng malasakit sa kaniyang anak lalo pa nga't babae pa ito. Subalit kung minsan, hindi niya naiisip na nasa wastong gulang na ang kaniyang anak at kaya na nitong magdesisyon sa sarili niya lalo pa nga't may kaugnayan ito sa pag-aasawa.

Sa pahayag naman ni Bubong, ang bana ni Tata, pinansiyal naman ang kanilang naging problema na karaniwan ding problema ng mga mag-asawa lalo na't kung nagsisimula pa lamang silang magsama. Mahirap din para sa kaniyang asawa na si Tata ang magbadyet ng pera lalo pa nga't si Bubong lamang ang naghahanapbuhay sa kanilang mag-asawa. Lalong nagiging mahigpit ang problemang pinansiyal ng mag-asawa kung nadaragdagan ang anak na habang lumalaki ay kailangang pag-aralin liban pa sa mga pangangailangang pangkalusugan dahil bahagi ng paglaki ng mga ito ang pagkakasakit.

Sa ikatlong pahayag naman ay nabanggit ni Fem na minsan lamang silang nag-away ng kaniyang Bana na si Jun. Iyon ay noong minsang inumaga ito ng pag-uwi dahil sa pagbibilyar na hindi nakapagpaalam sa kaniya. Maliban sa pagiging OFW, si Jun ay isang mahusay na manlalaro ng bilyar. Dagdag sa kaniyang kinikita ang pagsali sa mga *tournament* sa *abroad* o kaya nama'y pakikipagpustahan nang malakihan sa mga kilalang bilyaran. Sa katunayan, marami na rin siyang pinanalunang *billard tournaments* sa Dubai at sa iba't ibang bansa. Nagkataon pala noong gabing iyon ay napalaban na sa malaking pustahan si Jun. Hindi na siya makauwi dahil malaki na ang natatalo ng mga pumusta sa kaniyang kalaban. Sa bandang huli ng kaniyang laban, pinilit na lamang niyang magpatalo upang makauwi na siya dahil kung hindi siya magpatalo, maaaring may mangyari sa kaniya nang hindi maganda. Naunawaan naman ito ni Fem nang maipaliwanag ito sa kaniya ni Jun.

Sa lahat ng mga sinuring pahayag ng mananaliksik, lumilitaw na iba-iba ang sanhi ng pagtatalo ng bawat mag-asawa at iba-iba rin ang kanilang nagiging solusyon subalit walang naresolba sa mga ito dahil hindi naging bukas ang bawat isa sa komunikasyon.

Rekonsilyasyon

Kung may mga wika at pahayag na lumilitaw sa diskurso ng pagtatalo, mayroon din namang mga wika at pahayag sa diskurso ng rekonsilyasyon. Sa bahaging ito, tatalakayin naman ng mananaliksik ang ilang diskurso ng rekonsilyasyon ng mga mag-asawa:

"Binigyan ko siya ng rosaryo "ito rosaryo para bumait ka naman". Kaya nagpapasalamat po talaga ako sa pagsali sa ME malaking bagay talaga 'yun! Maraming salamat po."

(Testimonya ni Bana 3: 2017)

*"Kasi ang ugali nito kahit na mali siya o tama ako, ako talaga susuyo sa kaniya (*natawa). Susuyo talaga ko sa kaniya andyan yung lalambingin ko yan pero*

matagal siyang umoo."

(Jonjon: batay sa FGD, 2020)

"...natutunan ko 'yung kahit papano pala mas maganda yung kung ano yung nasa loob ko sinasabi ko din sa kaniya."

(Fem: batay sa FGD, 2020)

Sa unang pahayag batay sa testimonya ni Bana 3, isa sa paraang ginamit niya ay ang magbigay ng rosaryo sa kaniyang asawa. Tinanggap naman iyon ng kaniyang asawa at naging bukas siya sa pagtanggap ng kaniyang mga pagkakamali. Inamin niyang naging malaking bagay talaga ang pagsali nila sa *marriage encounter*.

Sa paniniwalang Katoliko, ang pagrosaryo ay pangalawa sa pinakamataas na pamamaraan ng pagdarasal, pinakamataas ang misa. Naniniwala ang mga Katoliko kay Birheng Maria bilang tagapag-ugnay (*mediatrix*) kay Hesus at sa Diyos Ama. Hindi naging bayolente ang reaksiyon ni Asawa 3 sa pagbibigay sa kaniya ng rosaryo ng kaniyang bana dahil bilang Katoliko, naniniwala siya sa bisa ng pagdarasal lalong-lalo na ang pagdarasal ng santo rosaryo. Si Bana 3 ay malakas din ang pananampalataya na isa sa mga paraan upang mapabuti pa niya ang kaniyang asawa ay sa pamamagitan ng pagdarasal ng rosaryo. Ang pagbibigay ni Bana 3 ng rosaryo sa kaniyang asawa ay *pahiwatig* din ng kaniyang pakikipagkasundo sa mga nakaraan nilang alitang mag-asawa.

Batay naman sa pinatnubayang talakayan, ang paraan naman ng rekonsilyasyon para kay Jonjon ay suyuin ang kaniyang asawa na si Sheryl. Ipinagluluto niya ito ng pagkain – almusal, tanghalian, at hapunan. Ipinagtitimpla niya ng kape. Nilalambing niya ang kaniyang asawa. Di-maglalaon, magkakasundo rin sila at kalilimutan na ang mga nagdaang alitan. Ang pagtitimpla ng kape ni Jonjon sa kaniyang asawa pati na rin ang pagluluto nito ay mga di-berbal na pahiwatig bilang paraan ng pagsuyo sa kaniyang asawa at nagbibigay ng mensahe ng rekonsilyasyon.

Kung may kasabihan sa Ingles na, *the way to a man's heart is through his stomach*, kabaliktaran naman ito kay Jonjon. Hindi muna pakikipag-usap ang paraan niya ng pakikipagkasundo kung mayroon silang alitang mag-asawa. Ipinagluluto niya ito ng almusal, tanghalian, at hapunan, pati na ang pagtitimpla ng kape (mga di-berbal na pahiwatig). Hindi naman ito tinutulan o tinaggihan ng asawang si Sheryl. Samakatuwid ay naging mabisang paraan ito rekonsilyasyon para kay Jonjon. Mabisa rin pala ang *the way to a woman's heart is through her stomach*, dahil nagbubunga ito ng rekonsilyasyon sa kanilang mag-asawa.

Batay pa rin sa pinatnubayang talakayan, sinabi nama ni Fem na mas maganda pala na naging bukas siya sa kaniyang nararamdaman para sa asawa. Bahagi ito ng *'mutual empathy'* na pangunahing itinuturo sa *marriage encounter*. Ito ang paglagay sa sitwasyon ng asawa sa kaniyang bana at gayundin ang bana sa kaniyang asawa. Sa ganitong paraan higit mauunawaan ng bawat isa ang kanilang kasama sa buhay na magbubunga ng

rekonsilyasyon sa kanilang mag-asawa.

Bagamat may ilan pang diskursong lumutang sa pagitan ng mag-asawa sa kategorya ng pangarap, kabiguan, at pagtugon sa hamon ng buhay ay hindi na ito isasama pa sa pagtalakay dahil sa limitadong haba ng sanaysay para sa publikasyon.

Narito naman ang ilang tala ng mga pahayag buhat sa mga bana at kanilang asawa na nagsilbing instrumento ng pagkakaunawaan sa kanilang relasyon bilang mga mag-asawa:

Ang Wika bilang Instrumento ng Pagkakaunawaan: Ilang Pahayag bilang Pahiwatig ng Pagkakaunawaan
Inilabas ko na lahat (ang sama ng loob) kaya habang binabasa ko ‘yun, iyak ako nang iyak.
Nag-uusap na kami bago matulog.
Nagdadasal ako madalas.
Kaya gusto ko yung time na ‘yun na nagkakaroon ng mga sulat-sulat.
Idinikit ko sa ref namin (‘yung sulat). Basahin mo ngayon ‘yan.
Nagiging open na kami sa isa’t isa.
Ia-adjust ko ‘yung mga bagay na hindi na dapat pag-awayan.
Pero as a <i>couple</i> , ang ginawa namin talaga na pinag-usapan namin na ano mangyayari sa amin.
So talagang mayroong nangyari na nag-agree kaming dalawa.
Hindi naman mawawala ‘yung pagtaas ng boses ko pero simpleng-simple at maya-maya lang ay nagbibiruan na ulit kami.
Pero ngayon, ‘pag may problema ako sasabihin ko sa kaniya, “may problema baga ako tulungan mo ako” so, nagiging <i>open minded</i> ang kaniyang kaisipan tapos nagshe- <i>share</i> na siya akin na ‘yun din ang opinion niya na mag-usap kami.”
‘Pag hindi magkasundo ano raw po, <i>long bench</i> humarap kami para mare- <i>resolve</i> agad at tsaka pagkatapos nun naipaliwanag ko na ‘yung nararamdaman ko sa kaniya siya naman ganun din <i>happy-happy</i> na kaming dalawa.
‘Pag kayo nagkakaintindihan, ‘yung mga problema naaayos maaga pa lang.
Nung pumasok kami sa ME ‘yung literal na pag-uusap namin dalawa kasama namin sa pagitan si Lord, nagka-unawaan kami.
Pero mula noong nag-ME, ayan na eto na siya lahat nagpapaalala “oh, may <i>meeting</i> ka sa ganun”, “oh, may <i>meeting</i> ka sa ganito” kumbaga siya lahat nagpapaalala sa akin.
Pero ngayon na napasok kami pareho sa ME pag halimbawa kulang sa pinansyal “uy wala na tayong ganito ‘yung anak mo may kelangang ano...ano sabi niya, “bahala na si Lord”, may Lord ka? ‘yun ang nakakatuwa.

PAGWAWAKAS

Sa kulturang Pilipino, karaniwan ang paggamit ng *pahiwatig* sa pagbibigay ng mensahe sa ibang tao – kaibigan, kasama sa trabaho, malapit o malayong kamag-anak, mga mahal sa buhay, at ibang pang taong nakakahalobilo natin sa pang-araw-araw na buhay. Dahil hindi tuwiran ang ibinibigay na mensahe, mahalaga ang lubos na pang-unawa sa kahulugan ng mga *pahiwatig* dahil ito ang magbibigay-daan sa lubos na pagkakaunawaan. Sa buhay mag-asawa, mahalaga ang bukas na komunikasyon at lalong mahalaga ang pag-unawa sa ibinibigay o ipinapakita nilang *pahiwatig*. Nailimita lamang sa mananaliksik ang paglalapat ng pag-aaral ni Maggay sa gamit ng mga *pahiwatig* at *di-berbal na komunikasyon* dahil na iyon lamang ang nagamit sa pagsusuri ng mananaliksik.

Sa pagpapatatag naman ng relasyon ng mag-asawa, nakatutulong ang mga organisasyong pangmag-asawa tulad ng *Marriage Encounter Foundation of the Philippines* upang muling sariwain ng mag-asawa ang kasagraduhan ng pagpapakasal sa simbahan at alalahanin ang isinasaad sa Banal na Kasulatan mula sa Marcos 10:9 *Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao*.

Mahalagang matutuhan ng bawat mag-asawa ang *mutual empathy* o ang paglalagay ng bana sa sitwasyon ng asawa bilang babae sa loob ng tahanan at ina ng kanilang mga anak upang maunawaan niya nang lubusan ang tunay na katayuan nito sa kanilang pagsasama. Dapat ding maunawaan ng asawa ang kalagayan ng kaniyang bana sa pamamagitan ng paglalagay niya sa sitwasyon nito.

Ganoon pa man, hindi garantiya ang sumailalim sa MEWS na maisasalba nito ang relasyon ng mag-asawang naghihingalo na ang pagsasama lalo na’t kung hindi ito ganap na seseryosohin ng mag-asawa. Nasa mag-asawa pa rin kung paano nilang dapat na ayusin ang kanilang relasyon at kung paano sila magkakaroon ng isang masayang pamilya. Nasa kanilang mag-asawa ang kahahantungan ng isang maganda o hindi magandang pagsasamahan. Kasabihan nga, *sa tao nanggagaling ang kaniyang ikinagagaling at sa tao rin nagmumula ang kaniyang ikinasasama*.

MGA SANGGUNIAN

MGA AKLAT:

Ocampo, Leo Martin R., nagsalin. *AMORIS LAETITIA ng Banal na Papa Francisco Ukol sa Pagmamahal sa Loob ng Pamilya*. Claretian Communications Foundation, Inc. Quezon City. Philippines. 2016.

Escriva, Josemaria. *Ang Pag-aasawa: Isang Bokasyong Kristiyano*. Sinag-Tala Publishers. Manila. Philippines. 2000.

Maggay, Melba, P. *Pahiwatig Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino*. Ateneo de Manila University Press. Quezon City. Philippines. 2002.

Medina, Belen T.G. *The Filipino Family*. University of the Philippines Press. Quezon City. Philippines. 2005.

MGA LINK:

“5 Kalimitang Dahilan ng Paghihiwalay ng Mag-asawa.” RadyoMaN, 23 Agosto, 2018, rmm.ph/5-kalimitang-dahilan-ng-paghihiwalay-ng-mag-asawa.

“Hindi Masayang Pagsasama ng Mag-asawa.” gotquestions.org, www.gotquestions.org/Tagalog/hindi-masayang-pagsasama-magasawa.html

“Kung Paano Maiiwasan ang Pagtatalo.” jw.org, Gumising, Pebrero, 2013, www.jw.org/tl/library/magasin/g201302/pagtatalo-kung-paano-maiiwasan-ng-mag-asawa/

“Kung Paano Pag-uusapan ang mga Problema.” jw.org, Gumising, Hunyo, 2016, [www.jw.org/tl/library/magasin/gumising-blg3-2016-hunyo/pag-](http://www.jw.org/tl/library/magasin/gumising/blg3-2016-hunyo/pag-)

uusap-ng-mag-asawa-problema/

Lacanlale, Jam, “*Kahalagahan ng Komunikasyon sa Pagpapatatag ng Pamilya*.” slideshare.net, 2024, www.slideshare.net/JamLacanlale/kahalagahan-ng-komunikasyon-sa-pagpapatatag-ng-pamilya-63941864

PAKIKIPANAYAM (via ZOOM):

Aventajado, Robert, pangulo ng Marriage Encounter Foundation of the Philippines, Enero 31, 2021.

PINATNUBAYANG TALAKAYAN (FGD), DYORNAL, at TESTIMONYA NG MGA MAG-ASAWA:

Ronnie at Neng Moreno, Agosto, 2021

Larry at Myra Benitez, Agosto, 2021

Junpik at Jen Salaver, Agosto, 2021

Jonjon at Sheryl Montebon, Agosto, 2021

Jun at Fem Dela Rama, Agosto, 2021

Robert at Anna Baguion, Agosto, 2021

Bubong at Tata Dela Cruz, Agosto, 2021

Willie at Juliet Rosal, Agosto, 2021

Nonoy at Nene Buenvenuto, Agosto, 2021

Louie at Agnes Balbin, Agosto, 2021



Si **RAMILITO B. CORREA** ay isang *Associate Professor* sa Departamento ng Filipino sa De La Salle University-Manila at nagtapos ng *Doctor of Arts in Language and Literature-Filipino*. May mga publikasyon siya sa araling Filipino – (nasyonal at internasyonal), pagsasalin, kasaysayang pampanitikan, tula, sanaysay, maikling kuwento at mga salin ng maikling kuwento at tula sa Filipino sa iba’t ibang *journal*. May Gawad Pagsulat ng Sanaysay Gantimpalang Collantes, Komisyon sa Wikang Filipino noong 2003 at 2012 (Karangalang Banggit). Nakapaglalathala rin ng mga pananaliksik gaya ng “Ang Paglitaw ng *Anime*, Paglaganap Nito sa Mundo, at Pagpasok Nito sa Pilipinas” 2003, *Kulturang Popular na Asyano, Department of Social Sciences, University of the Philippines-Manila*, ISBN 978-xxx-xxxx-x-x (Print), *Terminus* (Salin sa Filipino ng *Terminus* ni Ralph Waldo Emerson) *SALIN Journal*, Setyembre 2022, Tomo I, Blg. 1 ISSN Print 2961-3205 ISSN Online 2961-3213, at Sampung Araw ng Bilanggo (Sanaysay), Mayo, 2022 *Luntian Journal Online*, Ikaanim na Isyu ISSN 2719-0463 (Online) <https://sites.google.com/view/luntianonlinejournal/ikaanim-na-isyu-pamumukadkad-mayo-2022/sanga-sangang-sanaysay#h.j388wtf4r6lc>